MAYO CLINIC

# Ang dapat mong malaman tungkol sa COVID-19 testing

**Unawain ang mga katotohanan tungkol sa COVID-19 testing upang maprotektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya at ang iyong komunidad mula sa paglaganap ng sakit.**

| | Diyagnostikong Swab Test | Pagsusuri sa Dugo para sa Antibody |
|---|---|---|
| Ano ito? | Tinutukoy ang presensya ng COVID-19 virus. | Pagtitiyak kung dati nang may impeksyon ng COVID-19 virus. |
| Sino ang dapat magpasuri? | Kung mayroon kang anumang sintomas, tulad ng lagnat, ubo, at kahirapang huminga. | Maaaring irekomenda ito ng iyong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan upang suriin ang ebidensya na nagkaroon ka na ng COVID-19. |
| Paano ito isinasagawa? | Pag-swab sa ilong o lalamunan | Pagkuha ng dugo o sa pamamagitan ng pagtusok sa daliri |
| Saan ito isinasagawa? | Karaniwang isinasagawa ito sa mga drive-through na lugar ng koleksyon | Karaniwang isinagawa sa medikal na pasilidad |
| Paano kung ito'y positibo? | Magpahinga sa tahanan at ibukod ang iyong sarili para maiwasan ang paglaganap ng COVID-19. Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan kung lumala ang mga sintomas. | Nagkaroon ka na ng antibody laban sa COVID-19 virus. Hindi ito nangangahulugang protektado ka na sa muling pagkakaroon ng impeksyon. |
| Ano ang mga benepisyo ng pagpapasuri? | Kung positibo, makakatulong kang maiwasan ang paglaganap ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbubukod sa sarili. | Maaaring makatulong ang iyong mga antibody na mapagaling ang ibang taong may malalang coronavirus na sakit. |
| Magkano ang magagastos para rito? | Walang babayaran ang mga pasyente para sa pagsusuring ito sa ngayon. | Walang babayaran ang mga pasyente para sa pagsusuring ito sa ngayon. |

## Para sa mga Tanong

Tumawag sa COVID-19 Hotline ng Mayo Clinic sa 1-507-293-9525. Mayroon ding makukuhang mga serbisyong interpretasyon. Bisitahin ang mayoclinic.org/coronavirus-covid-19 o mayoclinichealthsystem.org/covid19.

©2020 Mayo Foundation for Medical Education and Research.

MC3127-47TA